

Tema sa Taon 3: **Kawalan ng Dangal ng Tao at Espiritwalidad Laan sa Bagong Sangkatauhan**  
Saklaw 1: **Pagkakakilanlan: Sa Pag-iral at Pagiging**  
Hibla 1: **Pinili ni Hesus ang Paraan ng Pagiging Messias**  
Panahon: **Kwaresma**  
Antas ng Gulang: **Nursery, Kindergarten, Younger Elementary**

**Marso 5, 2017**

Unang Linggo sa Kwaresma: **Pagpili sa Ating Tadhana**

Lumang Tipan: **Jeremias 1:4-10**

<sup>4</sup> Sinabi sa akin ni Yahweh, <sup>5</sup> "Bago ka pa ipinaglihi at ipanganak ay pinili na kita upang maging propeta para sa lahat ng bansa."

<sup>6</sup> Ang sagot ko naman, "Panginoong Yahweh, hindi po ako magaling na tagapagsalita; bata pa po ako."

<sup>7</sup> Subalit ang sabi niya sa akin, "Huwag mong sabihing bata ka pa. Pumunta ka sa mga taong sasabihin ko sa iyo. Ipahayag mo sa lahat ang aking sasabihin sa iyo. <sup>8</sup> Huwag kang matakot sa kanila sapagkat ako'y kasama mo at iingatn kita. Akong si Yahweh ang nagsasabi nito."

<sup>9</sup> Pagkatapos, iniunat ni Yahweh ang kanyang kamay, hinipo ang aking mga labi, at sinabi, "Ngayon ay ibinigay ko na sa iyo ang mga mensaheng dapat mong sabihin. <sup>10</sup> Ibinibigay ko rin ngayon sa iyo ang kapangyarihang mangaral sa mga bansa at kaharian, upang sila'y bunutin at ibagsak, wasakin at itapon, itayo at itanim."

Bagong Tipan: **Mateo 16:21-23**

<sup>21</sup> Mula noon ay ipinaalam na ni Hesus sa kanyang mga alagad ang mangyayari sa kanya. Sinabi niya, "Dapat akong magtungo sa Herusalem at magdanas ng maraming hirap sa kamay ng mga pinuno ng bayan, mga punong pari at mga tagapagturo ng Kautusan. Ako'y papatayin, ngunit sa ikatlong araw ako'y muling mabubuhay."

<sup>22</sup> Dinala siya ni Pedro sa isang tabi at sinimulang pagalitan, "Panginoon, huwag nawang itulot ng Diyos! Kailanma'y hindi iyan mangyayari sa inyo."

<sup>23</sup> Ngunit hinarap siya ni Hesus at sinabihan, "Umalis ka sa harapan ko, Satanas! Hadlang ka sa aking landas. Ang iniisip mo'y hindi sa Diyos kundi sa tao."

*Pangkalahatang Kaisipan:* Pinili ni Hesus na sumunod sa kalooban ng Diyos at ito ang naging tadhana niya. Kung piliin nating sumunod kay Hesus, ito ang magiging tadhana natin.

*Susing Kaisipan, NK/YE:* *Sinunod ni Hesus ang kalooban ng Diyos na maging tagapagligtas natin.*

**Pagbibigay-kahulugan sa mga Batayang Biblikal**

Ang aklat ng Jeremias ay patungkol sa isang propeta na may malakas na pagkabatid na siya'y tinawag ng Diyos bilang isang propeta. Dahil dito, ipinahayag niya ang Salitang ibinigay sa kanya ng Diyos. Nangyari ito sa kalahatian ng paghahari ni Haring Josias (640-609 BC) hanggang sa paghahari ni Jehoahas (609), Jehoiakin (598-597) at

Zedekias (597-586) Panahon ito ng unos at ligalig nang manyari ang itinakdang paghukom sa mga bansa, kasama na ang Hudea.

Ang Jeremias 1:4-10 ay isang pagsasalaysay sa pagkatawag kay Jeremias. Malinaw ang hangarin ng Diyos para kay Jeremias kahit nasa sinapupunan pa siya ng kanyang ina. Sinabi ng Diyos "Bago pa kita inanyuan sa sinapupunan ay kilala na kita." Ito ay nagbabadya na siya ay pinili ng Diyos. Ang Hebreo na ginamit na salita ay *hinirang*, katulad sa Genesis 18:19 at Amos 3:2. Dahil siya ay pinili ng Diyos, siya ay itinakda o itinangi bilang propeta, "taong pinili" bilang tagapagsalita ng Diyos sa lahat ng bansa kasama ang Judea. Inamin niya ang kanyang kahinaan bilang propeta dahil sa siya'y bata pa subali't hindi ito pinayagan ng Diyos. Hindi sagka ang pagiging bata sa tawag ng Diyos. Sinasanay niya ang kanyang mga tinatawag at inaalalayan niya kahit anong antas ang kanilang kakayahan. Kaya "Huwag kang matakot sa ako ay kasama mo." Ito ay pangako ng Diyos na siyang nagpapahupa sa mga pagkatakot at pagkabahala ng mga nagbabantulot na mga propeta. Hindi nangako ang Diyos na hindi pahirahapan o mabilanggo si Jeremias o masaktan man lamang siya. Sapat na ang presensya ng Diyos upang mabigyan siya ng kapangyarihan at katapangan na gampanan ang kanyang tungkulin bilang tinawag, ano man ang mga magiging kabayaran ng pagtalima na naghihintay sa kanya. Sa wakas, sa talatang 10, bumanggit ang Diyos ng tatlong pares ng salita (verbs) na nagbigay ng katuturan sa magiging gawain ni Jeremias. Ang unang pares "bumunot" at "magpabagsak", at "pumuksa" at "magwasak". Ang mga ito ay pawing negatibo na nagpapatunay na si Jeremias ay propeta ng pagbagsak at paghuhukom. Ipapahayag niya ang isang hula ng paghuhukom na magtatapos ng isang kalipunan ng mga kinasusuklamang tagapamahala na mapanupil at walang katarungan. Sa kabilang dako, ang huling pares ay positibo, "magtayo" at "magtanim ay nagbabadya na siya rin ay isang propeta ng pagpapanumbalik kahit ito'y pangalawa lamang. Sa mga guho ng mga isinumpa ng Diyos, ay may babangon na isang ganap na bagong pamayanan ng isang nanauli, nilinis, at pinatawad na pamayanan ng mga tao ng Diyos. Ang mensahe ng propeta ay laging magkaakibat na sumpa at pagliligtas, pagbagsak at pagasa, pagwasak at pagpapanumbalik. Ito ang magiging disenyo ng kanyang mga pagproklama ng salita ng Diyos.

Layunin ng Ebanghelio ni Mateo na patunayang si Hesus ang Tagapaglitas ayon sa hula sa Matandang Tipan. Si Mateo na ibig sabihin ay "handog ng Diyos", isang maniningil ng buwis ay iniwan ang kanyang trabaho upang sumunod kay Hesus. Sa mga ebanghelio nina Marcos at Lukas tinawag siyang "Levi".

Sa Mateo 16:1-21-23 binanggit ang hula tungkol sa pagpapahirap at kamatayan ni Hesus sa kamay ng mga may nanunungkulan sa Herusalem, mga pangunahing pari at mga guro ng batas. Inihahanda ni Hesus ang kanyang mga alagad sa mga mangyayari sa kanya. Subalit't makikita natin si Pedro na di sumang-ayon, at

pinagalitan siya ni Hesus at tinawag siyang "satanas" dahil nakikialam siya sa kalooban ng tumawag at nagsugo sa kanya. Sinabi niya kay Pedro na wala sa kanyang kaisipan ang mga bagay na nauukol sa Diyos kundi mga bagay na nauukol sa tao.

Makikita natin na ang pagsunod sa tadhana na nauukol sa atin ay nagsisimula sa pagtalima, ang pagiging handa sa gawain tungo sa sukdulang layunin ng ating lakbayin. May pagkakataon din na maaring kahit ang mga masugid na tagasunod ay di mamalayang maninidigan at magtukoy sa mga bagay sa mundong ito, mga mahalaga sa panahong ito, ang karaniwan na masidhing paghangad sa tagumpay mula sa mga bagay, posisyon, pag-aari at pag-iwas sa pagpapakasakit at pagpapabaya sa mga mas mahahalaga sa isang alagad-propeta. Dito tayo pagagalitan ni Hesus kung tayo'y mabuyo sa mga bagay na maka-satanas na hindi sa mga bagay na maka-Diyos. Kinakailangan na tayo ay palaging magabayan na isaalang-alang ang pangako sa mga tinawag ng Diyos ng patuloy na pagbibigay lakas na presensiya ng Diyos habang tinatanggap natin ng ating piniling tadhana.

## **I. Mga Layunin**

Pagkatapos ng aralin, ang mga mag-aral ay inaasahan na:

1. Masabi ang kahulugan ng pagsunod.
2. Maging huwaran si Hesus sa pagsunod nang siya ay tinawag ng Diyos.
3. Matutunang sumunod sa kalooban ng Diyos.
4. Maipadama ang pasasalamat dahil tayo ay tinawag ng Diyos.

**II. Mga kakailanganin:** Biblia, mga tsokolate at kendi, lalurang manika, diaper at iba pang gamit para sa sanggol.

## **III. Mga Karanasang Katututuhan**

### *A. Pambungad na Pananambahan*

1. Pagbabatian. Masiglang tanggapin ang mga bata habang nagdadatingan sila.
2. Pambungad na Panalangin. Aming Diyos, napakasaya po namin sapagkat nasa tahanan n'yo po kami. Maraming salamat at dinala mo po kami dito upang sama-samang sumamba at makinig ng iyong salita sa araw na ito. Tulungan mo pong mabuksan ang aming mga puso at isipan upang lalong maunawaan ang tungkol sa iyo. Pagpalain mo po ang aming mga kaibigan na hindi namin kasama ngayon. Ang lahat pong ito ay aming pinasasalamat at dinadalangin sa pangalan ni Hesus. Amen.

### 3. Mga Awit

"Ito ang Araw na Gawa ng Diyos."

"I've Got the Joy (Down in my Heart)"

I've got the joy, joy, joy, joy down in my heart (where?)

Down in my heart! (where?) Down in my heart!

I've got the joy, joy, joy, joy down in my heart; down in my heart to stay.

And I'm so happy, so very happy, I've got the love of Hesus in my heart.

And I'm so happy, so very happy, I've got the love of Hesus in my heart.

## B. Paghahanda

Tanungin ang mga bata ng mga sumusunod na tanong:

1. Ano ang ibig sabihin ng pagsunod?
2. Nais ba ninyong sumunod sa inyong mga magulang, guro, lola, lolo at mga kaibigan?
3. Anu-ano ang mga inuutos sa inyo?
4. Bakit kailangan kayong sumunod? Ano ang inyong nadarama kapag sumusunod kayo?

## C. Oras ng Pag-aaral

Paglalahad ng kwento

### SUMUNOD SI TARA

Sa isang nayon, may isang nakatira na Tara ang pangalan. Mahilig kumanta, sumayaw, mag-aral at higit sa lahat maglaro si Tara. Mayroon siyang kapatid na lalaki na Joha ang pangalan. Araw-araw bago pumasok si Tara sa paaralan, laging sinasabi ng kanyang mga magulang na magpapakabait siya. "Opo nanay, opo tatay, magpapakabait ako."

Laging tumutulong si Tara sa kanyang nanay at tatay na maghugas ng pinggan tuwing umaga at mag-alaga kay Josh habang abala ang kanyang tatay at nanay sa iba pang gawaing bahay. Lagi silang nagsisimbang magkakasama at gustong-gusto niyang dumalo ng Paaralang Lingguhan.

Isang hapon, nang pauwi na si Tara sa kanilang bahay mula sa paaralan, narinig niyang tinatawag siya ng isang kaibigan. "Tara! Hoy, Tara, halika sumama ka sa amin. Maglalaro kami at masisiyahan ka. At alam mo ba? O eto tignan mo.... tsokolate. Papremyo sa mga mananalong grupo. Kailangan pa naming ng isang manlalaro para sa aming grupo.

Namangha si Tara sa mga tsokolateng kanyang nakita. Saglit na nag-isip si Tara at sinabi sa sarili, "Naku, gusto kong mapanalunan ang mga tsokolateng ito. Paborito ko ito! Pero hinihingtay na ako ni nanay at si Josh. Kailangan na nila ako sa bahay. Anong gagawin ko?" malungkot na tanong ni Tara sa sarili. Sobra nga ang kanyang pagkalungkot. Pagkatapos sinabi ni Tara, "Pasensya na, kailangan ko ng umuwi. Kailangan na kasi ako ni nanay at ni Josh." Nagalit sa kanya ang kanyang mga kalaro at ipinangakong di na makikipaglaro sa kanya.

"Nanay nandito na pa ako." Napakasaya ng kanyang nanay nang makita siya na nasa bahay na. Tuwang-tuwa at nagtatalon naman si Josh naman nang makita si Tara. Nakipaglaro si Tara kay Josh habang abala ang kanyang nanay sa kusina sa paghahanda ng kanilang hapunan. "Malapit nang maluto ang hapunan," sabi ng kanyang nanay.

May kumatok sa pinto at binuksan ito ni Tara. Ang kanyang tatay ang dumating. "May surpresa ako," sabi ng kanyang tatay. "Ano po ang surpresa ninyo tatay?"

tanong ni Tara. "Eto mga tsokolate! Ang sabi ng boss ko, para raw sa mga batang mabait na kagaya n'yo." Ibinigay kay Tara ng kanyang tatay ang mga tsokolate, at pinanghimagas ng buong pamilya ang iba matapos kumain ng hapunan.

Kinabukasan sa paaralan, humingi ng paumanhin ang mga kaibigan ni Tara, at kanyang ibinahagi ang kanyang tsokolate sa kanyang mga kaibigan.

*D. Pagpapalalim ng Aralin*

Tanungin: Kanino nakinig si Tara?

Takalakayin: Kapag nakiinig kayo sa inyong magulang, nakikinig at sumusunod din kayo sa utos ng Diyos.

*E. Pagtuklas ng Katotohanan sa Biblia*

Sa Biblia ay may isang batang lalaki na Jeremias ang pangalan. Tinawag siya ng Diyos upang maging kanyang propeta--mensahero ng Diyos. Natakot siya sapagkat bata at ayaw humarap sa mga tao. "Ano ang aking sasabihin sa mga tao?" Ngunit sinabi ng Diyos kay Jeremias, "Huwag kang matakot sa kanila, ako ay laging sasa iyo at iingat kita." Ano ang sinabi ng Diyos? Basahin ang Jeremias 1:8 bilang talatang sasauluhin. Sinunod ni Jeremias ang Diyos at sinabi niya ang mga mensahe ng Diyos sa mga tao. Sumunod din si Hesus sa ating Diyos. Gumawa siya ng mga kagilagilalas na mga bagay. Nagpagaling siya ng mga may sakit, nagpakain ng mga nagugutom at nagturo sa mga tao patungkol sa Diyos.

Nais ba ninyong sumunod sa Diyos?

*F. Pagsasabuhay ng Katotohanan sa Biblia*

Gawain: Pag-aaralang alagaan si baby Josh. (Ipapakita ng guro kung paano bihisan laruin, kantahan at patulugin ang manika.)

*G. Pangwakas na Pananambahan*

Panalangin: Panginoon, maraming salamat po sa iyong pangako na lagi ninyo kaming iniingatan upang hindi kami matakot, kahit wala ang aming mga kaibigan. Tulungan mo po kami na lagi kaming magtiwala at sumunod sa iyo. Turuan mo po kaming maging matatag. Maraming salamat po at nagiging bahagi kami ng iyong pag-aalaga at pag-iingat sa iba. Sa pangalan ni Hesus. Amen.

**March 12, 2017**

Ikalawang Linggo sa Kwaresma: **Lingkod Tagapagligtas**

Lumang Tipan: **Isaias 53:4-6**

<sup>4</sup> "Tunay ngang inalis niya ang ating mga kahinaan, pinagaling niya ang ating mga karamdaman. Subalit inakala nating iyo'y parusa ng Diyos sa kanya.

<sup>5</sup> Ngunit dahil sa ating mga kasalanan kaya siya nasugatan; siya ay binugbog dahil sa ating kasamaan. Tayo ay gumaling dahil sa pahirap na dinanas niya at sa mga hampas na kanyang tinanggap.

<sup>6</sup> Tayong lahat ay tulad ng mga tupang naliligaw; nagkanya-kanya tayo ng lakad. Ngunit ipinataw ni Yahweh sa kanya ang kaparusahang tayo ang dapat tumanggap.

Bagong Tipan: **Marcos 10:42-45**

<sup>42</sup> Kaya't pinalapit sila ni Hesus at sinabi, "Alam ninyo na ang mga itinuturing na pinuno ng mga Hentil ang siyang namumuno sa kanila, at ang mga dinadakila ang siyang nasusunod. <sup>43</sup> Ngunit hindi ganyan ang dapat umiral sa inyo. Sa halip, ang sinuman sa inyo na nais maging dakila ay dapat maging lingkod ninyo, <sup>44</sup> at ang sinumang nais maging pinuno ay dapat maging alipin ng lahat. <sup>45</sup> Sapagkat ang Anak ng Tao ay naparito hindi upang paglingkuran kundi upang maglingkod at upang mag-alay ng kanyang buhay para sa ikatutubos ng marami."

*Pangkalahatang Kaisipan:* Bilang isang lingkod tagapagligtas, *pinaglingkuran ni Hesus ang mga nagdurusa*. Bunga nito, nagdusa siya kasama nila. Kung pinaglilingkuran natin ang mga nagdurusa, nagdurusa tayong kasama nila.

*Susing Kaisipan, NK/YE:* Dumating si Hesus upang paglingkuran ang mga nagdurusa.

## **I. Mga Layunin**

Pagkatapos ng aralin, ang mga mag-aral ay inaasahan na:

1. Maisalarawan ang dahilan ng pagdating ni Hesus.
2. Maipaliwanag kung bakit pumarito si Hesus upang paglingkuran ang mga naghihirap.
3. Makapagtala ng mga paraan kung paano nakakatulong sa ibang tao lalo na sa mga mahihirap.

**II. Susing Kaisipan:** Naparito si Hesus upang maglingkod sa mga mahihirap

**Mga kakailanganin:** Biblia, larawan ni Hesus kasama ang mga bata, popsicle stick, pandikit, iba't-ibang kulay ng construction paper, bond paper, news print, gunting, lapis.

### III. Mga Karanasang Katututuhan

#### A. Pambungad na Pananambahan

1. Pagbabatian. Batiin ang mga bata ng may ngiti at kumustahin ang kanilang buong isang linggo.
2. Ipaawit ang awiting ito.

“Praise God, All You Little Children”

Praise God, praise God, all you little children

God is love, God is love. (repeat)

“It’s a Great Thing to Praise the Lord”

It’s a great thing to praise the Lord (3x)

Walking in the light of God.

Walk, walk, walk, walk in the light (3x)

Walking in the light of God!

(ulitin ang awit at ipalit ang Serve sa salitang Praise)

“Make me a Servant”

Make me a servant, humble and meek.

Lord, let me lift up those who are weak

And may the prayer of my heart always be,

Make me a servant, make me servant, make me a servant today.

3. Pambungad na Panalangin: *Pinakamakapangyarihan at mapagmahal sa Diyos, maraming salamat po sa bagong umagang ito. Maraming salamat sa aming pamilya, sa pagmamahal na aming naibabahagi at sa magagandang bagay na aming sama-samang nararanasan. Maraming salamat din po sa aming mga kaibigan. Tulungan mo po kaming makinig at matututo patungkol sa iyo. Sa pangalan ni Hesus. Amen.*

#### B. Paghahanda

Nangarap ba kayong maging pinakamagaling, mabuti, nangunguna at pinakadakila? Tanungin ang mga bata kung ano ang kanilang pangarap sa kanilang paglaki.

#### C. Oras ng Pag-aaral

Paglalahad ng kwento

#### Pinaglingkuran ni Nonie ang Kanyang Pamilya

Sa isang kanayunan malayo sa syudad, may isang nakatira na Nonie ang pangalan, Panganay siya sa kanilang magkakapatid. Mahirap lamang sila. Mangingisda ang kanyang ama at nag-aalaga ng isang inahing baboy ang kanyang ina. Mahirap nga sila ngunit masayang palaawit sa pamilya si Nonie.

May magandang tinig si Nonie na namana niya sa kanyang ama. Umaawit siya habang nagtatahi ng lambat ang kangyang ama. At habang pinaliliguan ng kanyang ina ang inahing baboy, umaawit din siya. Habang naglilinis ng bahay si Nonie at ang kangyang mga kapatid, nagiging madali ang gawaing bahay dahil

nagtutulungan sila. Sa gabi, bago sila matulog, lagi silang nananalangin na ingatan si tatay habang nangingisda sa gitna ng dagat.

Nananalangin din si Nonie na makapagtapos sa kolehiyo at maging isang guro. Isang araw nagsabi si Nonie na nais niyang pumunta ng syudad. Nais niyang magtrabaho at makapag-aral doon. Sabi ng kanyang tatay, "Hindi Nonie. Mahirap ang buhay sa syudad. Malulungkot ka doon at lagi mo lang kaming maaalala!" Sabi ni Nonie na kaya niyang tiisin ang lahat ng paghihirap matupad lamang ang kanyang pangarap at matulungan ang kanyang mga magulang.

Umalis si Nonie sa kanila at tumira sa kanyang Tiyahin (kapatid ng kanyang ina) sa syudad. Maaga siyang nagiging upang magluto ng pagkain, maglaba ng damit at maglinis ng bahay. Habang ginagawa niya ito hindi niya nakakalimutang umawit. Nagiging maddali ang kanyang buhay bagamat nangungulila sa kanyang ama, ina at mga kapatid, "Sana lang makita ko na sila. Pero kailangan kong magsakripisyo." Binibigyan si Nonie ng pera ng kanyang tiyahin ngunit sapat lamang sa pambayad sa paaralan, pamasaha at kanyang pansariling pangangailangan. Bagamat nakakapagod at mahirap, tinitiiis ni Nonie ang lahat. Nag-aral siyang mabuti.

Ilang taon ang lumipas at nakapagtapos si Nonie sa kolehiyo. Sa ngayon nasa isang malaking paaralan siya at nagtuturo ng musika. Tinutulungan niya ang kanyang ama at ina upang pag-aralin ang kanyang mga kapatid.

#### *D. Pagpapalalim ng Aralin*

Tanugin ang mga bata:

1. Ano ang mais ni Nonie sa kanyang paglaki?
2. Natupad ba niya ang kanyang pangarap?
3. Ano ang mga bagay na kanyang ginawa upang maabot ang kanyang mga pangarap.  
(Kinailangan niyang magsakripisyo o magtiis at maging katulong ng kanyang tiyahin.)
4. Ano ang kanyang ginawa noong makamit na niya ang kanyang mga pangarap?  
(Patuloy siyang tumulong sa pamamagitan ng pagtuturo at pinapag-aral niya ang kanyang mga kapatid)

#### *E. Pagtuklas ng Katotohanan sa Biblia*

Tanungin: (Hayaan munang sumagot ang mga bata bago magbigay ng opinyon sa mga sagot sa tanong.)

1. Sa palagay ninyo, tumulong din ba si Hesus sa ibang tao?
2. Paano naglingkod si Hesus sa iba? (pinakain ang nagugutom, pinagaling ang mga may sakit, at mga bulag at inihayag ang Mabuting Balita)
3. Sino ang pinaglingkuran ni Hesus? (mga nagugutom, may sakit, naghihirap)
4. Ano sa palagay ninyo ang maaari nating gawin para maging magaling at mabuti tayo?



Sabihin: Katulad ni Nonie, upang maging mabuti at magaling tayo, nais ni Hesus na paglinguran natin ang kapwa. Namuhay si Hesus na kasama natin upang paglingkuran tayo, lalo na ang mga mahihirap. Kanyang pinaglingkuran sila upang maihayag ang pag-ibig ng Diyos. Kailangan din nating maglingkod tayo sa iba. Magiging dakila tayo sa kaharian ng Diyos kung maglilingkod sa kapwa. Mahalaga na mapaglingkuran natin ang ating kapwa upang maging masaya tayo kaysa laging hangarin ng ating mga puso ang higitan ang ating kapwa. Sa gayon, matutulungan natin ang ating kapwa na malaman ang pag-ibig ng Diyos.

#### *F. Pagsasapamuhay ng Katotohanan sa Biblia*

Malikhaing pagsasadula. Hatiin ang klase sa tatlong grupo at hayaan na isadula ang mga sumusunod na sitwasyon.

1. Isang mahirap na batang umiiyak, masakit ang tiyan, gutom na gutom. Ano ang inyong gagawin?
2. Abala ang ina sa paglilinis ng bahay, pagod na pagod na at basa ng pawis. Ano ang inyong gagawin?
3. Napadaan ka sa isang maliit na bahay. Nakita mo ang isang bata na nakasuot ng maruming damit at sirang tsinelas. Ano ang iyong gagawin?

Malikahaing gawain: Hayaang bakatin ng bawat bata ang kanyag kanan o kaliwang kamay sa isang construction paper. Tulungan ang mga bata na gupitin ang nabakat na kamay. Isulat sa gitna nito, "MASAYANG MAKAPAGLINGKOD SA KAPWA." Idikit ang popsicle stick sa likod.

#### *G. Pangwakas na Pananambahan*

1. Hikayating sauluhin ng mga bata ang talata sa Biblia. "Ang simuman sa inyo na ibig maging dakila, ay dapat maging lingkod." Marcos 10:43b
2. Awitin ang "Make me a Servant"
3. Likumin ang handog habang umaawit.
4. Pangwakas na panalangin. Tulungan mo ako, O Diyos, na maging mapagkumbaba, maging masaya at palaging maging lingkod mo. Sa pangalan ni Hesus. Amen.

**Marso 19, 2017**

Ikatlong Linggo sa Kwaresma: **Katapatan sa Diyos**

Lumang Tipan: **Ruth 1:16-17**

<sup>16</sup>Sumagot si Ruth, "Huwag po ninyong hilinging iwanan ko kayo. Hayaan na ninyo akong sumama sa inyo. Saanman kayo pumunta, doon ako pupunta. Kung saan kayo tumira, doon din ako titira. Ang inyong bayan ang magiging aking bayan. Ang inyong Diyos ang magiging aking Diyos. <sup>17</sup>Kung saan kayo mamatay, doon ako mamamatay, at doon din ako malilibing. Parusahan sana ako ni Yahweh ng pinakamabigat na parusa kung papayagan kong magkalayo tayo maliban na lamang kung paghiwalayin tayo ng kamatayan!"

Bagong Tipan: **Lucas 7:1-10**

<sup>7</sup>Matapos sabihin ni Hesus ang mga ito sa mga tao, pumunta siya sa bayan ng Capernaum. <sup>2</sup>Doon ay may isang kapitang Romano na may aliping mahal sa kanya. May sakit ang aliping ito at nasa bingit ng kamatayan. <sup>3</sup>Nang mabalitaan ng kapitan ang tungkol kay Hesus, nagsugo siya ng ilang mga pinuno ng mga Judio upang pakiusapan si Hesus na dalawin at pagalingin ang alipin. <sup>4</sup>Paglapit ng mga sugo kay Hesus, taimtim silang nakiusap sa kanya at sinabi, "Siya po'y karapat-dapat na pagbigyan ninyo <sup>5</sup>sapagkat mahal niya ang ating bansa. Sa katunayan nga po, ipinagpatayo niya tayo ng isang sinagoga."

<sup>6</sup>Sumama sa kanila si Hesus, ngunit nang malapit na siya sa bahay ay nasalubong niya ang mga kaibigan ng kapitan. Sila ay sinugo ng kapitan upang ipasabi kay Hesus ang ganito: "Ginoo, huwag na po kayong mag-abala. Hindi po ako karapat-dapat na puntahan pa ninyo sa aking tahanan, <sup>7</sup>ni hindi rin po ako karapat-dapat na humarap sa inyo. Ngunit magsalita lamang po kayo at gagaling na ang aking alipin. <sup>8</sup>Ako po ay nasa ilalim ng mga nakakataas sa akin at may nasasakupan naman akong mga kawal. Kapag sinabi ko sa isa, 'Pumunta ka roon!' pumupunta siya; at kapag sinabi ko naman po sa isa, 'Halika!' siya'y lumalapit. Kapag sinabi ko po sa aking alipin, 'Gawin mo ito!' ginagawa niya iyon."

<sup>9</sup>Namangha si Hesus nang marinig ito, kaya't humarap siya sa napakaraming taong sumusunod sa kanya at sinabi, "Kahit na sa Israel ay hindi ako nakakita ng ganito kalaking pananampalataya."

<sup>10</sup>Pagbalik nila sa bahay, naratnan ng mga isinugo na magaling na nga ang alipin.

**Paglilinaw sa mga Biblikal na Batayan**

Binibigyang diin ng Aklat ng Ruth ang kahalagahan ng matapat na pagmamahal sa mga ugnayan ng tao sa sa hanay ng bayan ng Diyos. Nakatutok ang may-akda sa hindi nagmamaliw at hindi makasariling pagtatalaga sa nag-iisa at baog na si Naomi at maging sa kabutihan ni Boaz sa dalawang balong ito. Sinasabi ng Ruth 1:16-17 ang paghahayag ni Ruth ng kanyang wagas na dedikasyon at katapatan kay Naomi kahit na hinikayat ni Naomi si Ruth na iwanan na lamang siya at magbalik sa kanyang tahanan sa Moab. Sa puntong ito, tila nakakagulat na isang Moabita, at hindi Hudio at Israelita, ang nagpakita ng pag-ibig ng Diyos. Ngunit, ang kanyang wagas na katapatan sa isang pamilyang Israelita na tumanggap sa kanya sa pamamagitan ng

pag-aaswa at ang kanyang buong pagtatalaga sa kanyang nag-iisa nang biyenang. Nagpakita ito ng halos pagiging tunay na anak na babae ng Israel at karapat-dapat mapabilang sa lahi ni David. Kapuna-puna ang pagiging halimbawa niya sa katotohanan na hindi ang pagiging kadugo at pagiging anak ang mapagpasya a pakikibahagi sa pagdating ng pamamayani ng Diyos, kundi ang pagsang-ayon ng isang buhay sa layunin ng Diyos sa pamamagitan ng "pananampalataya at pagsunod sa kanya" (Romans 1:5). Nagsisilbing isang salamin, isang repleksyon, ang halimbawa ni Ruth sa uri ng katapatan (hindi nagmamaliw na pag-ibig) na ipinamalas ng Diyos sa kanyang sariling bayan sa kasaysayan. Gayundin, ang ganitong uri pagtatapat ang hinihinging katangian doon sa mga nagnanais na sumundo sa kanilang Panginoong Hesu-Kristo, na nag-iisang susundin at kung saan ang kanya lamang mga katuruan ang kanilang susundin sa lahat ng landasin.

Inihahayag ng Mabuting Balita ayon kay Lukas, ang ikatlong mabuting balita sa kaayusang kanonikal, ang mga gawa at katuruan ni Hesus na higit na mahalaga sap ag-unawa sa landas ng kaligtasan. Kumpleto ang saklaw nito mula sa kapanganakan ni Cristo hanggang sa pag-akyat niya sa langit. Maayos ang pagkakahayanay at humihimok sa mga Hudyo at Hentil. Isinulat upang palakasin ang pananampalataya ng lahat ng mananampalataya at upang sumagot sa mga atake ng mga di sumasampalataya. Nais ni Lukas na ipakita na halaw sa katuruan ni Hesus ang lugar ng mga Cristianong Hentil sa pamamayani ng Diyos. Nais niyang kilanlin ang paghahayag ng Mabuting Balita sa buong sanlibutan.

Nagsasaad ang Lukas 7:1-10 ng kwento hinggil sa pananampalataya ng isang Romanong opisyal na nagpanumbalik sa pagiging buo ng isang alipin mula sa malubhang karamdaman. Dito, ang opisyal, mula sa kanyang pagkahiya at mapagpakumbabang pagtanggap na hindi siya karapat-dapat na humarap lamang kay Hesus dahil sa kanyang pagiging makasalanan, ay ipinadala ang kanyang mga tagapaglingkod kay Hesus upang sabihin na malapit nang mamatay ngunit mapapagaling ang kanyang pinahahalagahang alipin kung sasabihin lamang ni Hesus. Humanga si Hesus sa matibay pagtiwala at pananampalataya ng opisyal sa kapangyarihan niyang magpagaling dahil upang pagalingin nang maysakit na alipin.

Nagbibigay ng indikasyon ang mga talatang ito kung paano tumugon ang ating Diyos sa walang maliw na pagtatapat at tiwala sa kabila ng maituturing na nakakapanghinang mga pangyayari sa ating paligid. Higit nawa tayong mahikayat ng mga talatang sa ating pang-araw-araw na mga pagsisikap upang maging tapat sa Diyos sa pagdadala at pagpapakita ng ating mapagmahal na ugnayan sa Diyos sa pamamagitan ng ating pamumuhay pakikipag-ugnayan sa isa't isa. Palagian nawa tayong mapaalalahanan na ang ating pag-ibig sa Diyos ang pundasyon ng ating walang kapagurang katapatan sa Diyos at lahat ng bagay na lumuluwalhati sa Diyos at ang natatanging dahil kung bakit tumutugon tayo sa mapagpakumbabang paglilingkod sa mga aba nating kapatid.

**Kaagapay na Gabay sa mga Guro at Iba Pang Gagami**

Inihayag ni Hesus ang Kasulatang Hebreo kaugnay ng dakilang kautusan: “Ibigin mo si Yahweh na iyong Diyos nang buong puso, buong kaluluwa at buong lakas” (Deuteronomio 6:5). Torah ang salitang Hebreo sa Kautusan, “katuruan” ang pangunahing kahulugan nito. Sa pag-unawang ito, katuruan ang Diyos at hindi isang batas sapagkat hindi maiuutos ang pag-ibig kundi kailangang matutunan sa praktikal na libel. Ngunit hindi mabubura ng kaibahang ito ang katotohanang pag-ibig ang pangmatagalang tungtungan ng katapatan.

Nililinaw ng manipis na puntong ito na sa totoo lang nabibili o naipipilit ang katapatan. Hindi naghahangad ang Diyos ng katapatang nabibili o ipinipilit sapagkat ang uri ng katapatang karapat-dapat ay ang handog na sa Diyos na hindi mantsado ng pansariling hangarin. Ang katapatang nakalaan lamang sa Diyos ay nakahihigit sa lahat ng uri ng katapatang nadadaya at namamanipula. Kailangan kung gayon na lumapit sa Diyos ang mga mananampalataya hindi sa layuning suhulan siya para sa pabor o manipulahin ang banal na layunin kundi sa di matatawarang punto ng kahirapan at kawalang kakayahan.

Hindi ibig sabihin na hindi tayo hihiling at aapila sa Diyos sa oras ng mahigpit na pangangailangan at banta. Sa kabilang panig, hinihikayat tayo ng panalanging itinuro ni Hesus sa mga alagad na dalhin sa Diyos ang ating mga malasakit sa buhay: pagkain upang mabuhay, kapatawaran sa mga kasalanan at pagliligtas sa kasamaan at tukso. Ngunit itinuro sa atin ni Hesus ang panalanging ito sa Diyos hindi batay sa kung ano tayo at mayroon upang mahikayat ang Diyos na nakahihigit tayo sa iba. Kung kumpyansa tayo sa mga bagay na ito, hindi talaga ito pag-ibig sa Diyos. Hanggat hindi pag-ibig ang nag-uudyok, babagsak ang katapatan sa mahirap na kundisyon ng buhay. Hind dahil sa hindi tayo diringgin ng Diyos dahilan sa marumi ang ating hangarin, kundi hindi natin mapananatili ang wagas na ugnayan sa Diyos sapagkat nakatungtong ang ating katapatan sa mabuay na tungtungan na madaling bumaligtad kung hindi paborable ang sitwasyon. Bunga nito ang sapilitan nating paghiwalay sa Diyos sa halip na ang Diyos ang lalayo. Hindi tayo tulad ng Diyos na naiinsulto kung nabibigo tayong makaabot sa pamantayan ng banal na katapatan. Sa pagtitiwala sa biyaya at pagpapatawad ng Diyos, nangangako tayo ng katapatan sa ating Panginoong HesuCristo na hindi natatakot at nag-aalinlangan.

## **I. Mga Layunin**

Pagkatapos ng aralin, ang mga mag-aral ay inaasahan na:

1. Mailahad o maikwento kung paano pinagaling ni Hesus ang alipin ng isang sundalong opisyal ng Roma.
2. Mailarawan kung paano nagbunga ang pananampalataya ng isang sundalong opisyal ng Roma.
3. Maihayag ang pagmamahal at pagiging tapat sa Diyos sa pamamagitan ng malikhaing gawain.

**II. Kaisipan:** Ang pagmamahal natin sa Diyos ang dahilan upang maging tapat tayo sa Diyos.

**Mga kakailanganin:** Biblia, papel, lapis at krayola

### III. Mga Karanasang Katututuhan

#### A. Pambungad na Pananambahan

1. Panahon ng Pagtanggap

2. Ipaawit ang awiting ito.

“The Love of Hesus, Sweet and Marvelous”

The love of Hesus, sweet and marvelous (3x)

Oh, oh wonderful love.

Higher than the mountains, deeper than the ocean

Wider than the universe, oh, oh wonderful love.

“I Would Be True”

I would be true, for there are those who trust me;

I would be pure, for there are those who care;

I would be strong, for there is much to suffer;

I would be brave, for there is much to dare;

I would be brave, for there is much to dare.

3. Pambungad na panalangin.

*Mapamahal naming Diyos. Maraming salamat po sa magandang umagang ito, sa panibagong liwanag sa araw na ito. Makatulong nawa ang mga sinag ng araw na ito upang marami kaming matutuhan patungkol sa iyo. Turuan mo po kaming mahalin ka bawat araw at mamuhay sa iyong dakilang pag-ibig. Tulungan mo rin po kaming maging pagpapala sa ibang mga bata. Ito po ang aming panalangin sa pangalan ni Hesus. Amen.*

#### B. Paghahanda

Tanungin:

1. May kilala ba kayong sundalo?

2. Paano maging isang sundalo?

Sabihin: Ngayon, mapapakinggan natin ang kwento hinggil sa isang sundalo sa panahon ni Hesus.

#### C. Oras ng Pag-aaral

Paglalahad ng kwento

#### Ang Pananampalataya ng Isang Sundalong Opisyal ng Roma

Sa bayan ng Capernaum, may isang napakabait na sundalong opisyal ng Roma na nakatira roon. Mahal niya ang mga Hudyo kahit hindi siya Hudyo. Mabuti ang ginagawa niya sa mga Hudyo sa sinagoga. Dahil dito, iginagalang siya at minamahal ng mga Hudyo.

May alipin ang sundalong opisyal na ito na mahal na mahal niya. Sinusunod naman ng alipin ang lahat ng ipinag-uutos niya. Ngunit isang araw nagkasakit ang alipin at di makagalaw. Malapit na siyang mamatay.

Pumunta sa Capernaum si Hesus. Narinig ng sundalong ito ang tungkol kay Hesus. Nais niyang pagalingin ni Hesus ang kanyang alipin. Ngunit naramdaman niya na

di siya karapat-dapat na humarap kay Hesus. Kaya inutusan niya ang isa sa matandang Hudyo na pumunta kay Hesus at humingi ng tulong.

Isang matandang Hudyo ang pumunta kay Hesus upang sabihin ang pakiusap ng sundalong Romano. "Nangangailangan ng inyong tulong ang lalakeng ito," pakiusap niya. "Mahal niya ang mga Hudyo at nagpapagawa siya ng sinagoga para sa atin."

Lumapit si Hesus sa matandang Hudyo. Nang malapit na sila sa bahay, nagpadala ang sundalo ng kaibigan upang sabihin kay Hesus, "Panginoon, huwag ka ng mag-abala, hindi ako karapat-dapat na puntahan sa aking bahay o kaya ay magkita. Basta magsalita ka lang na gumaling ang aking alipin at gagaling siya."

Nang marinig ito ni Hesus ito, namangha siya. Lumingon siya at sinabi sa mga taong sumusunod sa kanya, "Wala pa akong nakikita na isang tao na may ganitong kalaking pananampalataya."

Bumalik ang mensahero sa tahanan ng sundalong Romano at nakitang magaling na ang alipin. Ang paggalang at pagiging tapat ng alipin sa opisyal ng Roma ang naging daan sa pagkakaroon ng pagmamahal at pananampalataya kay Hesus. Ang kanyang pagmamahal sa Panginoon ang naging daan ng kanyang pagiging tapat sa Diyos.

#### *D. Pagpapalalim ng Aralin*

1. Tanungin: Dahil sa pananampalataya ng sundalong opisyal ng Roma kay Hesus, ano ang nangyari sa pinakamamahal niyang alipin?
2. Sabihin: Kung mahal natin ang isa't-isa, may pananampalataya sa bawat isa.
3. Tanungin: Mahal mo ba ang Diyos?

#### *E. Pagtuklas ng Katotohanan sa Biblia*

1. Sabihin: Ang ating pagmamahal sa Diyos ang nagiging dahilan upang magtapat tayo sa Diyos.
2. Tanungin:
  - Naging tapat ka ba sa Diyos?
  - Paano mo maipapakita ang pagmamahal at pagiging tapat sa Diyos?

#### *F. Pagsasapamuhay ng Katotohanan sa Biblia*

Hayaang gumuhit ang mga bata ng mga pamamaraan kung paano nila mapapakita ng katapatan nila sa Diyos sa pamamagitan ng pagmamahal nila sa:

- Kalikasan
- Pamayanan
- Pamilya a kaibigan

#### *G. Pangwakas na Pananambahan*

1. Hiyakatin ang mga bata na sauluhin ang talata. "Kahit sa Israel hindi ako nakakita ng ganitong pananalig." Lucas 7:9b
2. Pangwakas na Awit: "I Would Be True"

3. Pangwakas ng Panalangin: *Panginoong Diyos, maraming salamat po dahil lagi po kayong totoo sa inyong mga pangako sa amin. Tulungan mo po kaming lalong maging tapat sa Iyo. Tulungan mo po kaming maging matatag at magtiwala sa iyong pag-iingat at pagmamalasakit. Ito po ang aming dalangin sa pangalan ni Hesus. Amen.*

**Marso 26, 2017**

Ikaapat na Linggo sa Kwaresma: **Gawaing Pangkapayapaan**

Lumang Tipan: **Jeremias 1:9-10**

<sup>9</sup> Pagkatapos, iniunat ni Yahweh ang kanyang kamay, hinipo ang aking mga labi, at sinabi, "Ngayon ay ibinigay ko na sa iyo ang mga mensaheng dapat mong sabihin. <sup>10</sup> Ibinibigay ko rin ngayon sa iyo ang kapangyarihang mangaral sa mga bansa at kaharian, upang sila'y bunutin at ibagsak, wasakin at itapon, itayo at itanim."

Bagong Tipan: **Mateo 10:34**

<sup>34</sup> "Huwag ninyong isiping naparito ako upang magdala ng kapayapaan sa lupa; naparito ako upang magdala ng tabak, hindi kapayapaan.

**Pangkalahatang Konsepto:** Ang pagtatatag ng kapayapaan bilang misyon ng pagliligtas ay nangangailangan ng sapilitang pagtanggap sa mga hadlang sa kapayapaan- pantay-pantay na pagbabahaginan ng mga rekurso, pagsasamahang may pang-aabuso, at kawalan ng katarungan.

**Susing Kaisipan, NK/YE:** Ang pagtatag ng kapayapaan ay ang pagtanggap sa mapang-abusong pagsasamahang at kawalan ng katarungan.

**Pagbibigay Kahulugan sa Batayang Biblikal**

Sa Aklat ni Jeremias iningatan at isinaalang-alang ang propetikong ministeryo ni Jeremias simula sa kanyang pagkatawag. Galing siya sa sambahayan ng paring si Hilka, mula sa bayan ng Anatot, kaya maari siyang inanak ni Abiatar, na pari sa kapanahunan ni Solomon. Inatasan ng Panginoon si Jeremias na huwag mag-asawa at magkaroon ng mga anak dahil sa napipintong paghuhukom sa Juda na uubusin ang susunod na henerasyon. Binanggit ng Diyos sa Jeremias 1:9 ang layon ng kanyang pagkatawag na may malinaw na habilin kung paano niya gagawin ang kanyang propetang katungkulan.

Pahayag ng Diyos ang Jeremias 1:9-10 na nagbigay ng katuturan sa magiging propetikong katungkulan ni Jeremias. Makikita natin dito ang tatlong pares ng pandiwa na negatibong indikasyon ng kanyang pagkatawag. Sa isang banda'y binibigyang-diin ang katotohanan na si Jeremias pangunahin ay magiging propeta ng pagkawasak, habang ang huling bahagi ay positibo, indikasyon na siya rin nama'y propeta ng pagtatayong muli, bagama't pangalawa lamang. Ang unang pandiwa na "magbunot" ay kabaligtaran ng "magtanim," at ang kalahati ng mga pandiwa "iguho," "magwasak," at "magbagsak" ay kabaligtaran ng magtayo. Kahit na sa unang tingin ang makapropetang tungkulin pangunahin ay magwasak at magbaklas ng mga lumang istruktura at sistema na ugat ng hindi pagkakapantay-pantay at kawalang katarungan sa lipunan, napakakritikal at mapagpasya rin sa tungkulin ng iang propeta upang maging ganap ay ang pagbubuo ng isang bagong pamayanan na nakabatay sa mga pundasyon ng tipang ibinigay ng Diyos sa kanyang sariling bayan.

Dito, tinarawagan ang lahat na gumaganap ng tungkuling propeta na makiisa at yumakap at gumawa para sa napakamahalang gawaing pagtayo at pagbuo ng



mga bagong struktura na kung saan wala ng lugar para hindi na muling tumayo ang mga lumang istraktura. Ang pangkalahatang konsepto ng Shalom (pangkabuuang kapayapaan) ang siyang katotohanang nangingibabaw at ito ang siyang isulong, ipagdiwang at ipagtanggol ng lahat ng tao.

Ang pangunahing layunin ni Mateo ay patunayan sa mga makababasa na mga Judio na si Jesus ang kanilang Messias. Ginawa niya ito sa pamamagitan ng pagbibigay diin kung paano isinagawa ni Jesus ang katuparan ng mga isinasaad sa Lumang Tipan sa kanyang ministeryo. Ang lahat ng sumulat ng Ebanghelio ay nagsipi ng mga talata sa lumang tipan, kasama dito ang siyam na katibayan na katangitangi sa kanyang ebanghelio. (1:22-23; 2:15; 2:17-18; 2:23; 4:14-16; 8:17; 12:17-21; 13:35; 27:9-10) upang ipakita ang katuparan ng mga hula sa Lumang Tipan tungkol sa Messias. Binigyang diin ni Mateo ang linya ni David na pinagmulan ni Jesus sa unang kabanata ng Ebanghelio.

Sa unang tingin sa Mateo 10:34, tila may pagkontra sa hula ni Isaias tungkol sa "Prinsepe ng Kapayapaan" na darating upang magdala ng kapayapaan sa mundo. at first glance, somehow sounds Tunay, dumating si Kristo upang magdala ng kapayapaan, sa pagitan ng mga mananampalataya at Diyos, kapayapaan sa pagitan ng mga tao. Subali't ang hindi maiwasan na resulta ay ang paglalaban ni Kristo at anti-Kristo; sa pagitan ng liwanag at dilim; sa pagitan ng mga anak ni Kristo at ng mga anak ng demonyo. Nangyayari ito kahit sa pagitan ng mga miembro ng isang pamilya. Nagpapakita ito na ang pagtalima sa u\atas ng Panginoon ay kailama'y hindi madali. Ito ay maaring magpasiklab ng malubhang pagpangkat-pangkat ng pamayanan o kahit sa loob ng isang pamilya.

Itong mga talatang nabanggit ay gumagabay sa atin upang maunawaan ng sa pagtatagumpay natin sa pagkamit ng shalom, kinakailangan ng labanan muna yaong mga nagdulot nitong mga umiiral na walang kapayapaan at kaguluhan sa kaharian ng Diyos. Ibig sabihin nito ay hindi maari ang nagwawalang-bahala sa mithiin magkamtan ang tunay na kapayapaan. Tinawag si Jeremias upang ipahayag ang balita ng paghuhukom sa mga taong hindi tumalima sa kalooban ng Diyos, subali't may pagpapahayag din na ang kanyang tungkulin ay ang magtyong-muli at magpanauli sa mga mga nasira at naitapon. Ang mismong karanasan sa sama-samang patatayong muli bilang isang pamayanan sa pamamagitan ng espiritu ng pagkakaisa ay pauna o pambungad sa kanilang karanasan sa tunay na Shalom.

Ang abot-kayang katapatan sa pagbuo ng shalom ang siyang susi ng pagsisimula ng makahulugang pagbabago at pagpapanibago sa mga buhay ng mga tao at mga istraktura salipunan at ng buong mundo.

### **Kasamang Gabay Para sa mga Guro at Iba Pang Gagamit:**

Ang pagbubuo ng kapayapaan ay tulad ng pagtatayo ng bagong bahay sa mismong lote ng pinagtayuan ng lumang bahay. At ito ay hindi naman sa kalumaan kundi ang disenyo ay hindi na angkop sa kabutihan ng bata't matandang nakatira. Nagpasiya ang may-ari ng sirain ang lumang bahay at magtayo ng bago na matibay at ligtas. Gayon din, nagkakaroon ng mga marahas ng paglalaban-laban at kawalan ng

kaligtasan dahil ito ay nakatayo sa isang di-makatarungang ralsyon panglipunan na nagpapahintulot na kakaunti lamang ang nagmamay-ari sa kalakhang bahagi ng ari-arian na kung saan napapabayaang ang iba na walang makain, gumagamit ng baril upang patahimikin ang mga di sumasang-ayon, may banta sa kalikasan at walang pakundangang nagmamalabis sa karapatang pantao. Hindi maaring itayo ang totoo at tunay na kapayapaan sa ibabaw ng kawalang-katarungan. Ang mga basehang ito ay kinakailangang gibain at alisin upang malinis ang lupa na pagtataniman ng mga butil ng kapayapaan upang ito'y tumubo at lumago.

Hindi ninais ng Diyos ang walang katarungang relasyong panlipunan. Hindi rin sila kasama sa mga taong nilalang ng Diyos. Ang mga ito ay itinamin ng demonyo na inalagaan ng mga masasamang tao na walang paggalang sa Diyos. Subali't ang pagsusumamo si Jeremias sa Diyos, "Bakit nagtatagumpay at umuunlad ang mga masasama?" ay hindi madaling sagutin sa pagtingin lamang sa puso ng mga masasama.

Sa panahong ito, Today, kailangang gumamit ng mga siyantipikong pag-analisa at konkretong karanasan upang tuklasin ang paggalaw ng mga institusyon sa likod ng mga di makatarungang pagdurusa.

Anu-ano ang mga mahahalagang nag-uugnay sa kadena ng walang-katarungan na nakatali sa mga tao? Una, ay ang walang control na pagkamal ng mga kabuhayan para sa iilan. Pangalawa, ang konsentrasyon ng kapanagyarihan sa pamamahala sa kakaunti na may monopoly sa pagmamay-ari ng kayamanan ng lipunan; pangatlo, ang mga panseguridad na kagamitan na ginagamit upang supilin ang mga boses ng mga si sumasang-ayon at mga aksyon at pang-apat, ang mga institusyon sa edukasyon, kultura at simbahan ng nagtuturo ng maling kamalayan.

Ang paglagot sa kadena ay magsisimula sa pang-apat sa mga nabanggit. Ito ang pinamamahina at pinakamahalaga sa kabuuan ng kadena ng kawalang-katarungan. Sapilitang pagpababa sa dignidad ng tao ay isinasabatas (tinatanggap na legal, moral, kinakailangan, at likas) sa pamamagitan ng nagpapatuloy at "buong-buo" na proseso ng pandaraya, propaganda at di-tamang katuruan, konsenya ng tao, subalit ito ay nilagyan ng mascara upang ito ay magmukhang natural, kapakipakinabang o di maiwasan na ugali ng mga biktima na ipamuhay ito. Ang mensahe at mabubuting gawa ni Jesus ay nagpakita sa mga biktima na ito ay mental at ispiritwal na pagbihag ito ng demonyo, na walang tunay na kapangyarihan ng demonyo na saklawin sila.

Ang kaharian ng Diyos na may kalayaan at katwiran ay darating na. Katotohanan ang siyang maging sandata kung saan ang walang katarungan ay hindi kayang gapiin. Ang katarungan ay siyang mahalagang marka ng isang mapagmahal at makataong rehimen at isang mahalagang katayuan upang maitayo ang kaharian ng Diyos. Kapag ang hustsya ay dadaloy na parang ilog at ang katarungan ay tulad ng agos ng sapa" ang lath ng tao ay makakahinga ng katarungan tulad ng hangin"

## **I. Mga Layunin**

Pagkatapos ng aralin, ang mga mag-aral ay inaasahan na:

1. Maisalarawan ang mga gawain sa tahanan, paaralan at simbahan na nagpapahayag ng kapayapaan.
2. Maisalarawan ang mga gawain sa tahanan, paaralan at simbahan na di nagpapahayag ng kapayapaan.
3. Maisadula kung paano magiging instrumento ng kapayapaan sa tahanan, paaralan at simbahan.

**II. Kaisipan:** Ang mga bata ay maaaring maging instrumento ng kapayapaan.  
**Mga Kakailanganin:** Biblia

### III. Mga Karanasang Katutuhan

#### A. Pambungad na Pananambahan

1. Pagbabatian.
2. Ipaawit ang mga awiting ito.

“I've Got Peace Like a River”

I've got peace like a river (3x) in my soul, halleluiah!

I've got peace like a river (3x) in my soul!

“It's Love, Peace, Joy that Makes the World Go Round”

It's love, it's love, it's love that makes the world go round (3x)

It's love, that makes the world go round.

Roll over the ocean, roll over the sea, roll over the ocean and the deep blue sea.

3. Pambungad na Panalangin: *Aming Diyos ng pag-ibig at kapayapaan, lagi kaming nagpapasalamat sa iyo dahil lagi mo kaming pinagtitipon-tipon. Maraming salamat sa aming magulang, pamilya, mga guro, mga namumuno at mga kaibigan. Pagpalain mo kami sa aming pag-aaral, gawain at paglalaro. Ito po ang aming hiling sa pangalan ni Hesus na aming Tagapagligtas. Amen.*

#### B. Paghahanda

Tanungin:

1. Ano ang iyong pagkaunawa sa salitang kapayapaan?
2. Ano ang mga halimbawa ng isang sitwasyon o pangyayari na mayroong kapaapaan?

Sabihin: Pakinggan natin ang kwento patungkol sa Lupang Mapayapa.

#### C. Oras ng Pag-aaral

Paglalahad ng kwento

#### Ang Lupa ng Kapayapaan

Noong unang panahon may isang magsasaka na nakatira sa isang malaking lupain. Pinangalanan niya ang lupain ng Lupa ng Kapayapaan. Isang araw malalim siyang nag-isip. “Ano kaya ang aking gagawin sa lupang mapayapang ito upang maging kapakipakinabang?” tanong niya sa sarili. “Aking tataiman ito ng iba't-ibang halaman!”

Nagmadaling kinuha ng magsasaka ang kanyang bisikleta at pumunta sa bayan. Bumili siya ng iba't-ibang klase ng binhi.

Mayroong napakalakas na kalabaw si Ginoong Magsasaka upang tumulong sa kanya na magbungkal ng kanyang mapayapang lupa. At handa na itong taniman.

Isang umaga bago sumikat ang araw, habang nasa lupain niya ang magsasaka at nagtatanim ng iba't-ibang uri ng binhi ay biglang umulan. Sumibol na ang mga binhi. Sumikat ang araw. Nagpatuloy na lumaki ang mga butil ng binhi at nabuhay ang mga ito, naging berde at lumaking may iba't-ibang hugis at haba. Ngunit sa mga gilid nito ay may lumalaking mga damo.

Nagdaan ang ilang mga araw si bumisita sa bukirin si Ginoong Magsasaka. Namangha siya sapagkat matataas na ang mga halaman. "Salamat sa araw! Salamat sa ulan! Salamat sa iyo, O Diyos! Lumaki sila na may iba't-ibang kulay at sari-saring halaman. Ngunit lumalaki rin ang mga damo. Tinitigan ng magsasaka ang mga halaman at nakita niya ang halaman ng kabutihan, mahinahon, pagmamahal, pagpapatawad, kaligayahan, pagkakaibigan at pakikiramay. Ganoon na lamang ang tuwa niya. Ngunit sa kanyang pagtanaw nakita rin niya ang damo ng pagseselos, pagkainggit, masamang isipan, galit, pagmamataas, pagiging palalo at pagkakaiba-iba. "Ano ang aking gagawin? Paano ko maiiwasan o maaalis ang mga damong ito? Kailangan ko silang tanggalin. Hindi ko ito kaya." Humingi ng tulong si Ginoong Magsasaka sa kanyang mga kaibigan. Dumating si Ginang Pasensya upang tulungan siya. Dumating din ang ibang mga kaibigan. Sila ay sina Ginoong Mapagpigil sa Sarili, at si Ginang na Masipag sa Pagtatrabaho. Napakagandang kupunan! Sa ilalaim ng init ng araw kanilang tinanggal ang mga damo. Pinagsama-sama nila ito sa isang lugar para sunugin.

Di naglaon ay handa na ang lupang payapa na anihin ang mga pananim. Isang masaganang ani ang kanilang nakuha! Narito na ang mga maraming halaman. Nag-ani si Ginoong Magsasaka ng magaganda at matatabang mga halaman. Magkaroon ng kasiyahan sa lupa ng kapayapaan. Ipinamahagi ni Ginoong Magsasaka ang kanyang mga produkto sa kanyang mga kaibigan at may pagkain lahat.

Maari bang maging LUPA NG KAPAYAPAAN ang ating mga puso?

#### *D. Pagpapalalim ng Aralin*

Tanungin:

1. Ano ang mga maaari nating gawin sa ating tahanan na makapagbibigay sa atin ng kapayapaan.
2. Ano ang mga maaari nating gawin sa ating paaralan na makapagbibigay sa atin ng kapayapaan.
3. Ano ang mga maaari nating gawin sa ating simbahan na makapagbibigay sa atin ng kapayapaan.
4. Ano ang mga mangyayari sa ating tahanan, paaralan at simbahan na hindi madadala ng kapayapaan.

*E. Pagtuklas ng Katotohanan sa Biblia*

Sabihin: Upang tayo ay magkaroon ng kapayapaan, kailangan nuna nating alisin ang mga bagay na nagdudulot ng di-kapayapaan sa ating tahanan, paaralan at simbahan. Bilang isang bata, tayo ay magiging daluyan ng kapayapaan kahit saan man dako tayo naroon.

*F. Pagsasapamuhay ng Katotohanan sa Biblia*

Sa mga nasulat sa itaas na di nagbibigay ng kapayapaan, hayaang magsadula ang mga bata, kung paano nila hahadlangan ang mga balakid sa kapayapaan sa kanilang tahanan, paaralan at simbahan.

*G. Pangwakas na Pananambahan*

1. Hiyakatin ang mga bata na sauluhin ang talata: "Hayaan mon gang ibinigay ko sa iyo ang dapat mong sabihin." Jerimias 1:9b
2. Habang kinukuha ang handog ipaawit ang "I've got peace like a River"
3. Pangwakas na Awit:

"Let There Be Peace"

Let there be peace on earth and let it begin with me.  
Let there be peace on earth, the peace that was meant to be,  
With God as our Parent, children all are we  
Let us walk with each other in perfect harmony. Amen

**Abril 2, 2017**

Ikalimang Linggo sa Kwaresma: **Mga Tanda ng Tunay na Tagapagligtas**

Lumang Tipan: **Isaias 42:1-7**

<sup>1</sup>Sinabi ni Yahweh,

“Narito ang lingkod ko na aking hinirang;  
ang aking pinili at lubos na kinalulugdan;

ibinuhos ko sa kanya ang aking Espiritu,

at siya ang magpapairal ng katarungan sa mga bansa.

<sup>2</sup>Hindi siya makikipagtalo o makikipagsigawan,  
ni magtataas ng boses sa mga lansangan.

<sup>3</sup>Ang marupok na tambo'y hindi niya babaliin,  
ilaw na aandap-andap hindi niya papatayin;  
katarungan para sa lahat ang kanyang paiiralin.

<sup>4</sup>Hindi siya mawawalan ng pag-asa o masisiraan ng loob,  
hangga't katarungan ay maghari sa daigdig;

ang malalayong lupain ay buong pananabik na maghihintay sa kanyang mga turo.”

<sup>5</sup>Ang Diyos na si Yahweh ang lumikha ng kalangitan,

nilikha rin niya ang lupa at nagbigay-buhay sa lahat ng bagay dito sa daigdig,

kaya't sinabi ng Diyos na si Yahweh sa kanyang lingkod,

<sup>6</sup>“Akong si Yahweh ang tumawag sa iyo sa katuwiran,

binigyan kita ng kapangyarihan upang pairalin ang katarungan sa daigdig.

Sa pamamagitan mo ay gagawa ako ng kasunduan sa lahat ng tao,

at sa pamamagitan mo'y dadalhin ko ang liwanag sa lahat ng bansa.

<sup>7</sup>Ikaw ang magbubukas sa mga mata ng mga bulag

at magpapalaya sa mga bilanggo ng kadiliman.

Bagong Tipan: **Mateo 11:2-6**

<sup>2</sup>Nakabilanggo na noon si Juan na Tagapagbautismo. Nabalitaan niya ang mga ginagawa ni Cristo kaya't nagsugo siya ng ilang mga alagad <sup>3</sup>upang itanong, “Kayo po ba ang ipinangakong darating, o maghihintay pa kami ng iba?”<sup>4</sup>Sumagot si Hesus, “Bumalik kayo kay Juan at sabihin ninyo sa kanya ang inyong naririnig at nakikita. <sup>5</sup>Nakakakita ang mga bulag, nakakalakad ang mga pilay, gumagaling<sup>[a]</sup> ang mga ketongin, nakakarinig ang mga bingi, muling nabubuhay ang mga patay, at ipinapangaral sa mga mahihirap ang Magandang Balita. <sup>6</sup>Pinagpala ang taong hindi nag-aalinlangan sa akin!”

## **I. Mga Layunin**

Pakatapos ng aralin, ang mga mag – aaral ay inaasahan na:

1. Ipahayag na si Hesu-Kristo ay ating tagapagligtas.
2. Maisalarawan ang gumawa ng tunay na Tagapagligtas.
3. Maipahayag ang pasasalamat kay Kristo dahil Siya ang ating naging Tagapagligtas (tagapagligtas)

**II. Kaisipan:** Si Hesu-Kristo ang tunay na Tagapagligtas.

## **III. Mga Karanasang Katutuhan**

*A. Pambungad na Pananambahan*

1. Pababatian. Batiin ang mga bata na may ngiti sa inyong mga labi habang pumapasok sila sa klase. Kumustahin din ang kanilang buong isang linggo.
2. Ipaawit ang mga sumusunod:  
 "Hesus went about Doing Good"  
 "Hesus is my Bestfriend"  
 "I Want to be Like Hesus"
3. Pambungad na Panalangin: *Panginoong Diyos, salamat po sa napakagandang Linggong ito. Salamat po at dinala mo po kaming muli dito. Idinadalangin po namin ang mga kaibigan na hindi po namin kasama ngayon. Salamat po sa iyong pagmamahal sa amin at sa pagsugo mo kay Hesus upang maging aming tagapagligtas. Sa pangalan ni Hesus. Amen.*

#### B. Paghahanda

Tanungin:

1. Ano ang ibig sabihin ng "TAGAPAGLIGTA?"
2. Sino ang ating tagapagligtas?

Sabihin: Hindi lamang tagapagligtas si Hesus, Tagapagligtas din siya. Isa sa mga sinugo ng Diyos ang Tagapagligtas upang pangunahan ang kanyang bayan.

#### C. Oras ng Pag-aaral

Paglalahad ng kwento

#### Si Hesus, ang Ating Tagapagligtas

Mayroong isang lalaki na Juan ang pangalan. Nagpapahayag siya tungkol sa pagdating ng kaharian ng Diyos. Sabi niya, "Magsisi na kayo ng inyong mga kasalanan sapagkat darating na ang kaharian ng Diyos." Pumunta ang mga tao kay Juan at nakinig at nagpabawtismo sila. Pinangalanan siyang "Juan Bautisata." Kanya ring ipinapahayag ang pagdating ni Hesus, ang Tagapagligtas.

Pumunta si Hesus sa ibat-ibang lugar, nagturo sa mga sinagoga, ipinahayag ang mabuting balita tungkol sa kaharian ng Diyos, at nagpagaling ng lahat ng uri ng karamdaman. Pinagaling ni Hesus ang mga bulag, pipi pilay at ketongin. Binuhay ang mga patay. At mayroong magandang balita para sa mga mahihirap.

Maraming bagay ang itinuro ni Hesus sa mga tao. Tulad ng pagmamahal sa kaaway, tinuruan niya ang mga taong manalangin, magpatawad at magmahalaan sa isa't-isa. Nalaman ng mga tao na nasa kanila ang tunay na Tagapagligtas dahil sa mga bagay na ginawa ni Hesus. Si Hesus ating Tagapagligtas, ang nag-iisang isinugo ng Diyos.

#### D. Pagpapalalim ng Aralin

1. Ano ang Tagapagligtas? (ang nag-iisang sinugo ng Diyos)
2. Ano ang ginagawa ng Tagapagligtas?
3. Sino ang ating Tagapagligtas?

#### *E. Pagtuklas ng Aralin*

Sabihin: Si Hesus ang ating Tagapagligtas. Sinugo Siya ng Diyos upang makasama natin. Gumawa si Hesus ng mga kamangha-manghang bagay para sa atin. Alam natin na mahal tayo ng Diyos dahil kay Hesus. Tayo rin, gumawa tayo ng mabubuting bagay sa ating kapwa tulad ng ginawa ni Hesus, upang malaman ng mga tao na mahal sila ng Diyos.

#### *G. Pagsasapamuhay ng Katotohanan sa Biblia*

Hayaang gumuhit ang mga bata na nagpapakita ng kanilang pasasalamat kay Hesus dahil siya ay ating Tagapagligtas.

#### *H. Pangwakas na Pananambahan*

1. Awitin ang awit. "Hesus went About Doing Good"
2. hayaang ihandog ang kanilang larawang iginuhit habang kinukuha ang mga handog. Umaawit ng awit na akma sa paghahandog.
3. Pangwakas na panalangin. Hayaan ang bawat bata ay manalangin kahit tig-iisang pangungusap lamang.



**Abril 9, 2017**

Ikaanim na Linggo sa Kwaresma/Linggo ng Palaspas: **Nakakatagpo ni Hesus ang mga Makapangyarihan**

Lumang Tipan: **Zacarias 9:9-10**

<sup>9</sup> O Zion, magdiwang ka sa kagalakan!

O Herusalem, ilakas mo ang awitan!

Pagkat dumarating na ang iyong hari  
na mapagtagumpay at mapagwagi.

Dumarating siyang may kapakumbabaan,  
batang asno ang kanyang sinasakyan.

<sup>10</sup> “Ipapaalis niya ang mga karwahe sa Efraim,  
gayundin ang mga kabayong pandigma ng Herusalem.

Panudla ng mga mandirigma ay mawawala,  
pagkat paiiralin niya'y ang pagkakasundo ng mga bansa.

Hangganang ng kaharian niya'y dagat magkabila,  
mula sa Ilog Eufrates hanggang dulo ng lupa.”

Bagong Tipan: **Juan 12:12-19**

<sup>12</sup> Kinabukasan, nabalitaan ng maraming taong dumalo sa pista na si Hesus ay papunta sa Herusalem. <sup>13</sup> Kumuha sila ng mga palapa ng palmera, at lumabas sila sa lungsod upang siya'y salubungin. Sila'y sumisigaw, “Purihin ang Diyos. <sup>14</sup> Pinagpala ang dumarating sa pangalan ng Panginoon! Purihin ang Hari ng Israel!”

<sup>14</sup> Nakakita si Hesus ng isang batang asno at sinakyan niya ito, gaya ng nasusulat,

<sup>15</sup> “Huwag kang matakot, lungsod ng Zion!

Masdan mo, dumarating ang iyong hari,  
nakasakay sa isang batang asno!”

<sup>16</sup> Hindi ito naunawaan noon ng kanyang mga alagad. Ngunit matapos na si Hesus ay maluwalhating nabuhay muli, naalala nilang ganoon nga ang sinasabi sa kasulatan tungkol sa kanya, kaya't gayon nga ang nangyari.

<sup>17</sup> Ang mga taong kasama ni Hesus noong tawagin niya si Lazaro mula sa libingan at muli niya itong binuhay ay nagpatotoo tungkol sa nangyari. <sup>18</sup> At ito ang dahilan kaya siya sinalubong ng napakaraming tao—nabalitaan nila ang himalang ginawa niya.

<sup>19</sup> Kaya't nasabi ng mga Pariseo, “Nakikita ninyong walang nangyayari sa mga ginagawa natin. Tingnan ninyo, sumusunod sa kanya ang buong mundo!”

## **I. Mga Layunin**

Pakatapos ng aralin, ang mga mag – aaral ay inaasahan na:

1. Maalala ang matagumpay na pagpasok si Hesus sa Herusalem.
2. Mapagbulayan na si Hesus ay pinagpala na dumating sa atin sa pangalan ni Hesus.
3. Makapagtalaga ng sarili na gumawa ng mabuting bagay sa pangalan ng Diyos.

**II. Kaisipan:** Pinagpala si Hesus na siyang sinugo sa pangalan ng Diyos.

**Mga kakailanganin:** Biblia, palaspas, (o kahit anong dahoon na nasa paligid), larawan ni Hesus na nakasakay sa pagpasok sa Herusalem)

### III. Mga Karanasang Katutuhan

#### A. Pambungad na Pananambahan

1. Pagbabatian. Tanungin ang mga bat kung ano ang ipinagdiriwang sa araw na ito. Batiin sila ng Maligayang Linggo ng Palaspas." Habang sila ay nagdadatingan.

2. Ipaawit ang mga Sumusunod

"Ho-ho-ho hosanna"

Ho-ho-ho- hosanna, ha-ha-ha- hallelujah

He-he-he he- saves me, for I've got the joy of the Lord.

"Hallelu, Hallelujah"

Hallelu, hallelu, hallelujah! Praise ye the Lord (2x)

Praise ye the Lord, hallelujah! (3x)

Praise ye the Lord.

3. Pambungad na Panalangin: O aming Hesus, pinupuri ka naming sa kaaya-ayang Linggo ng Palaspas. Sumisigaw kami sa kagalakan, mahal na Panginoong Hesus, dahil masaya ka naming tinatanggap sa araw na ito. Halika! Panginoong Hesus, pumagitna ka sa amin. Lumapit ka sa amin at pumasok ka sa aming mga puso. Maghari ka sa aming puso. Ito ang aming dalangin sa iyong pangalan. Amen.

#### C. Oras ng Pag-aaral

Paglalahad ng kwento

#### Hiniram Para sa Isang Hari

Klip –klop – klip – klop. Isang maliit na asno ang naglalakad sa maalikabok na daanan. Sa kanyang likuran nakasakay ang isang lalaki na Hesus ang pangalan. Maaga pa nang may isang tao ang pumunta sa bahay ng may-ari ng batang asno upang hiramín ito, kung saan wala pang nakakasakay dito.

"Mayroon akong batang asno dito, bata pa siya at malakas. Kaya niyang maglakbay ng maayos patungong Herusalem," sabi ng amo ng maliit na asno. Lumabas ang maliit na asno sa kanyang kulungan papunta sa kanayunan. Tumigil sila sa karamihan ng tao. "Hesus ito na ang asno na iyong kailangan." Inihagis nila ang tela sa maliit na asno at pinasakay si Hesus. Sinundan siya ng kanyang mg kaibigan. Naglakad ang maliit na asno.

Mayamaya pa nagtakbuhan na ang mga tao papalapit sa kanila. Iwinagayway nila ang mga palaspas. Inilatag naman ng iba sa daanan ang kanilang balabal upang daanan ng asno. Nagsigawan sila nang may kagalakan, "Purihin ang Diyos. Pinagpala ang dumarating sa pangalan ng Panginoon! Purihin ang Hari ng Israel!"

Narinig ng asno, "Si Hesus... ang hari?" at ako ang kanyag napili?" Kaya tinaas ng asno ang kanyang ulo, nagmamalaki at mapakasaya habang pumapasok sa pinto ng Herusalem. Masayang-masaya ang asno.

*D. Pagpapalalim ng Aralin*

Talakayin:

1. Sino ang hari na pumunta sa Herusalem?
2. Bakit si Hesus ang ating hari?
3. Saan nakatira ang hari?
4. Ano ang mangyayari kung si Hesus na ating hari ay nakatira sa ating mga puso?

*D. Pagpapalalim ng Aralin*

Sabihin: Bugtong na anak ng Diyos si Hesus na pumarito sa atin upang pagpalain tayo. Naparito si Hesus sa pangalan ng Diyos. Kapag hinayaan natin si Hesus na nanirahan sa ating mga puso, magagawa natin ang mga bagay kung saan magiging pagpapala rin tayo sa ibang tao o sa ating kapwa.

*G. Pagsasapamuhay ng Katotohanan sa Biblia*

1. Hayaang mag-isip ang mga bata ng kanilang gagawin sa pangalan ni Hesus upang maging pagpapala sila sa kanilang kapwa.
2. Hayaang magwagayway ang mga bata ng palaspas habang isinisigaw ang kanilang nais gawin upang maging pagpapala sa iba.

*H. Pangwakas na Pananambahan*

1. Hikayating maisaulo ng mga bata ang talata. "Hosana! Purihin ang dumarating sa pangalan ng Panginoon.
2. Pangwakas na awit. "Ho-ho-ho-hosanna!"
3. Pangwakas na panalangin: O Diyos aming Hesus, ikaw ang haring nabuhay sa aming mga puso. Turuan mo kaming maging pagpapala sa iba bilang iyong mga anak. Gawin mo po kaming huwaran sa aming mga kaibigan, kamag-anak, kamag-aral, at kapit bahay. Sa pangalan ni Hesus. Amen